Q Ako po ay nagtatrabaho nang higit 2 taon sa Japan. Ako ay mag re resign sa darating na Marso 2026 at babalik na sa sariling bansa sa katapusan ng Abril4. Ano ang mangyayari sa binayaran kong resident tax na ibinabawas sa aking sweldo?

A

Resident tax para sa taong 2025


Para sa mga empleyado na ibinibawas sa sweldo ang bayad sa resident tax at tumigil sa trabaho, nakasaad sa ibaba ang iba pang paraan ng pagbabayad ng resident tax sa taong 2025. Mangyaring makipag ugnayan sa kompanya at alamin ang nararapat gawin.

1. **Normal na kolekta:** Dalhin ang payment slip na matatanggap mula sa munisipyo at magbayad sa anomang banko, convenience store o internet atbp. (*Naiiba ang pamamaraan ng pagbabayad ayon sa Munisipalida)
2. **Isang beses na kolekta**: Ang buong halaga ng mga hindi pa nababayarang resident tax ay ibabawas sa sweldo o retirement allowance at ang kompanya ang magbabayad sa munisipyo.

Resident tax sa taong 2026

Kung nakarehistro bilang residente simula Enero 1,2026 at may kitang lumagpas sa nakatalagang halaga para sa taong 2025 ito ay isasama sa halaga ng resident tax para sa taong 2026. Nararapat parin itong bayaran kahit nakabalik na sa sariling bansa.

Ang Resident tax para sa taong 2026 ay pamamagitan ng normal na kolekta. Pagdating ng Hunyo ay makakatanggap ng pay slip mula sa munisipalidad na kung saan nakarehistro sa araw na Enero 1. Subalit hindi mo na ito matatanggap at mababayaran kung ikaw ay nakabalik na sa sariling bansa. Kaya bago umalis sa Japan ay nararapat na mag appoint na taong nakatira sa Japan at tatayo bilang iyong "Tax representative" at i aplay sa munisipyo. Para sa paraan ng aplikasyon, mangyaring makipag ugnayan sa Munisipyo.



Mga Dapat Tandaan

- Magbabayad ng interes kung hindi nakabayad ng tax sa takadang panahon.
- Hindi maaaprubahan ang aplikasyon ng renewal o extension ng visa at permanent residency kung may hindi nabayarang tax.
- Kung aalis ng Japan pagkalipas ng Hunyo at nabayaran ang buong halaga ng resident tax bago umalis ay hindi na kailangang mag appoint ng tax representative.

Reference

Tayo ay magbayad ng Resident tax!
(Hokkaido Foreign Resident Support Center)
Wika：Hapon,Ingles, Kastila, Tsina, Koreyano, tagalogh, Biyetnam, Thai, Ukranian

Huwag Kalimutang Magbayad ng Tax!
(Ministry of Internal Affairs and Communication)
Wika：Hapon, Ingles, Tsina, Biyetnam, Portuguese